

Edukasyon sa Lungsod ng Chiryu

Mga Alituntunin sa Edukasyon ng Lungsod ng Chiryu:

- Tinutukoy ng mga Alituntunin sa Edukasyon ng Lungsod ng Chiryu, ang mga pangunahing patakaran at layunin para sa Lungsod ng Chiryu. Na-update ito noong Abril 2026.

Upang malinang ang paggalang at ammuhay ng matiwasay na may katatagan. Itataguyod ang balanseng edukasyon



Chiryuppi

Pangunahing Patakaran

Itinataguyod namin ang mga gawaing panghabambuhay na pagkatuto upang lumikha ng isang lipunan kung saan ang pag-unlad ng Kalayaan, kolaborasyon at paskamalikhain.

Upang mapangalagaan ang mga pusong mayaman at makabuo ng isang lipunang may saya. Itinataguyod naming ang pangangalaga ng tradisyonal na kultura at sining.

Konsepto ng paaralan ng GIGA:

- 「Matuto upang mapaganda ng sistema」at「Matuto ng Kolaboratibo」

Upang maisakatuparan ang “Matuto upang mapaganda ang sistema para sa bawat indibidwal na tutogon sa mga pangangailangang pang-edukasyon at kolaboratibong pamamaraan para sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang ideya at palawakin ang kanilang pag-iisip sa pakikibahagi ng iba’t ibang opinyon.



- Pagbuo ng Kasanayan sa Paggamit ng Impormasyon:

「Kasanayan sa Paggamit ng Impormasyon」na nakaposisyon bilang 「Mga pangunahing katangian at kakayahan sa pagkatuto」kabilang ang mga klase sa bawat asignatura.

- Ang kakayahang mangalap, mag-organisa, magpahayag, at wastong paggamit ng impormasyon.
- Ang saloobin sa paggamit ng mga teknolohiya ng impormasyon tulad ng internet at AI nang ligtas at naaangkop, at responsableng pakikilahok sa Lipunan. (*Digital Citizenship*)
- Paraan kun pano gamitin ang mga (*device*) at (*application*) at mga pangunahing operasyon tulad ng paggamit ng (*keyboard*).

Pagpapalawak ng aktibidad ng club sa rehiyon:

- Mga komprehensibong alituntunin para sa Reporma ng mga Aktibidad ng Club sa paaralan at ang Pagtataguyod ng mga aktibidad ng club sa komunidad na inilabas ng Ministro ng Edukasyon Kultura, Isports, Teknolohiya at Siyensa noong Disyembre 2025

- Ang Lungsod ng Chiryu ay nasa loob ay nakapaloob sa "Pagpapatupad ng Reporma sa Aktibidad ng Club. Ang layunin ay lumikha ng aktibidad para sa pampalakasan at Kultura.

<Kasalukuyang kalagayan ng mga paulit-ulit na aktibidad ng Club mula (Abril 2026)>

• Sa panahon ng mahabang pista opisyal, ang mga aktibidad ng Club at tuwing Sabado, Linggo, at mga pambansang pista opisyal. Ang mga aktibidad ng Club sa kanan ay isasagawa ng magkasama ng tatlong junior hayskul.

• Sa mga karaniwang araw kung kailan ginaganap ang mga klase. Ang mga aktibidad ay magpapatuloy gaya ng dati sa bawat paaralan.

• Ang iba pang mga aktibidad ng Club ay unti-unting palalawakin din sa komunidad.

Aktibidad	Palakasan
Paglahok sa opis-yal na paligsahan Bilang isang aktibidadng Club ng Lungsod ng Chiryu.	·Kendo ·Kyudo ·Baseball ·Soft ball 【Ang Handball at Soccer ay magsisimula sa Tag-init ng 2027】
Ang aktibidad ay magkakasama ngunit inaasahang lalahok ang bawat junior hayskul sa Paligsahan.	·Track and Field ·Table tennis 【Nakatakdang magsimula ang Sof tennis sa tag-araw ng taong 2026】

Taóng Piskal Reiwa 5-7 Yugto ng Paghahanda at Pagsusulong ng Reporma
Taóng Piskal Reiwa 8-10 Yugto ng Pagpapatupad ng Reporma (Unang Bahagi)
Taóng Piskal Reiwa 11-13 Yugto ng Pagpapatupad ng Reporma (Ikalawang Bahagi)

- 【MgaBata】• Pakikipagtulungan at patuloy na pakikilahok ng mga bata sa ditrito.
- Makatanggap ng espesyal na paglikha ng aktibidad sa plakasan, kultura at sining.

Paglikha ng mas masagana at de-kalidad na mga aktibidad sa isports at sining at kultura para sa mga bata.

- 【Mga Paaralan】• Pagtiyak ng oras upang makipag-ugnayan sa mga bata.
- Pagtuklas ng mga bagong kalakasan sa mga mag-aaral.
- Pagbibigay ng mga pagkakataon sa pagtuturo para sa mga nais magturo.

- 【Rehiyonal】• Panantili sa kapaligiran pampalakasan at pangkultura.
- Kamalayan sa pagpapalaki ng mga bata sa komunidad.

Edukasyong may Espesyal na Suporta

○ Suporta ayon sa pangangailangan ng bawat bata

Tinutulungan namin ang bawat bata ayon sa kanyang kakayahan at pangangailangan. Inaayos namin ang paraan ng pagtuturo at kapaligiran upang makapag-aral nang maayos. Gumagamit din kami ng tablet kung kinakailangan.

○ Tulong sa pagpili ng tamang klase o paaralan

Nakikipagtulungan kami sa mga kindergarten, nursery school, health center, at iba pang institusyon upang matulungan ang mga magulang na pumili ng tamang lugar para sa pag-aaral ng kanilang anak.

○ Karagdagang suporta sa pag-aaral

Sa lahat ng paaralan sa lungsod, nagbibigay kami ng karagdagang suporta sa mga batang nangangailangan nito upang makapag-aral at makapamuhay sa paaralan nang may kumpiyansa at kapanatagan.

○ Mas pinalakas na sistema ng suporta

May mga guro at staff na tumutulong at gumagabay sa mga bata sa kanilang pag-aaral at buhay-paaralan.

○ Mga gabay para sa mga guro at magulang

Naglalathala kami ng mga handbook at guidebook upang makatulong sa mga guro at magulang sa pagsuporta sa mga bata.



Mga Paraan para maiwasan ang pagliban sa klase at pambu-bully

Para maiwasan ang pagliban sa paaralan at pambu-bully, at para mabilis na makaresponde kapag nangyayari ang ganitong mga insidente, kami ay gumagawa ng paraan katulad ng mga sumusunod:

- Bukod sa mga ipinadala ng prepektura, ang lungsod ay magkakaroon rin ng mga school counselor na magtatalaga ng isa sa bawat elementarya at junior hayskul
- Magkakaroon ng silid para sa suporta sa edukasyon sa bawat elementarya at junior hayskul upang makapag pahinga ang mga bata at magpatuloy sa susunod na gagawin.
- Itinatag ang Sentro ng Suporta sa Edukasyon ng Lungsod Chiryu “Musubiai” sa loob ng Paaralang Higashi , Lungsod ng Chiryu para magbigay ng ligtas na lugar para sa mga batang nahihirapang pumasok sa paaralan. May programa din sa suporta sa online na programa.
- Magkakaroon ng klase tungkol sa pagpigil sa pambu-bully na ituturo ng mga abogado para sa lahat ng mag-aaral ng unang baitang ng junior high school.
- Gagawa ng pagsisiyat tungkol sa mga alalahanin ng mga mag-aaral at magsasagawa ng mga panayam sa kanila at sa paaralan. Magbibigay ng referral sa mga serbisyo ng edukasyonal na counseling tulad ng mga counselor at social worker.
- ipinopromosyon namin ang digital na impormasyon at etika ang pakikipag-tulungan sa mga bata upang pag-isipan ang mas epektibong paggamit ng smartphone at tablet.



Pagtuturo ng Wikang Hapon


Nagbibigay kami ng komprehensibong suporta para sa mga bata, mula sa unang edukasyon sa wikang hapon hanggang sa tulong sa buhay sa paaralan at pagpapalawak ng pag-unawa sa lokal na kultura at pamumuhay.

- Para sa mga batang may banyagang may pinag-mulan, ang “Kakitsubata Classroom” sa Paaralang Elementarya ng Higashi, Lungsod ng Chiryu at “Hanashobu Classroom” sa Paaralang Minami Junior Hayskul bilang mga unang silid-aralan para magbigay ng panimulang edukasyon sa wikang hapon.
- Sa lahat ng elementarya at junior hayskul, ipinatutupad ang isang espesyal na kurikulum na konektado sa nilalaman ng asignatura para sa mga batang nangangailangan ng pagtuturo sa wikang hapon, na naglalayong pagbutihin ang kanilang kakayahan sa wikang hapon at pag-unawa sa pag-aaral.
- Nakikipag-tulungan kami sa “Foreign Student Support Resource Room” na pinapatakbo ng Aichi University of Education. Bilang tugon sa mga kahilingan ng paaralan. Ang mga borantiyang mag-aaral na ipinapadala mula sa resource room ay nagbibigay ng indibidwal na suporta sa wikang hapon at tulong sa pag-aaral sa klase.



Pang-pamayanang Paaralan (Community School)

- Ang “Pang-pamayanang Paaralan” ay isang paaralan na nagtatag ng “Konseho sa Pamamahala ng Paaralan”.
- Ang “Konseho ng Pamamahala ng Paaralan” ay isang pagtitipon kung saan hangang 15 members, kasama ang kinatawan ng mga magulang, local na residente at eksperto.
- “Punong-tanggapan ng Kolaborasyon ng Komunidad at Paaralan” ay isang maluwag na network ng iba’t-ibang lokal na organisasyon at indibidwal aktibidad ng pagtutulungan sa komunidad.
- Pinag-samang komunidad at paaralan bilang magkasamang katuwang na may layuning suportahan ang paglaki ng mga bata sa komunidad.
- Lahat ng elementarya at junior hayskul ay may itinatag na konseho sa loob ng paaralan ng Chiryu.



Source: Paaralang pang-komunidad at pang-hinaharap: magkatuwang na gawain sa pagitan ng paaralan at ng komunidad

(Ministro ng Edukasyon, Kultura, Sports, at Siyensya at Teknolohiya)

Pagpapatupad ng Sistemang 2 Simestre

Sa lungsod ng Chiryu, ipinatupad na ang sistemang 2 simestre sa lahat ng elementarya at junior hayskul simula pa noong 2005.

- Bawat paaralan ay ginagamit ang natatanging katangian ng kanilang rehiyon at paaralan para ayusin ang kanilang kurikulum at makilahok sa pangmatagalang karanasan.
- Sa indibidwal na pagpupulong ng mga magulang at guro na ginaganap sa mga paaralan habang nasa mahabang bakasyon sa paaralan, kami ay nakikipag-ugnayan sa mga guro para pag-isipan ang mas magandang paraan upang matuto.
- Sa Sistema ng 2 semestre ay maaaring tingnan ng mga guro ang mga gawain upang matuto sa pang matagalang paraan na magbigay-daan sa mga mag-aaral na makapag-isip.



<Para sa mga katanungan sa leaflet na ito:>

Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Chiryu / Dibisyon ng Edukasyon sa Paaralan Tel (0566) - 83 -1111